



Neighbours, Friends & Families
Immigrant & Refugee Communities

PAGKILALA NG PANG-AABUSO

Paano tutulungan ang mga babaeng imigrante at refugee na nasa mapang-abusong relasyon



Ayon sa Statistics Canada (2021), 44% ng mga babaeng may edad na higit sa 15 taon ang nag-uulat na nakaranas na sila ng ilang uri ng karahasan mula sa matalik na karelasyon o intimate partner violence (IPV) sa kanilang buong buhay.



Kapag nag-iisip ang mga tao ng tungkol sa pang-aabuso, iniisip nilang pisikal lamang ito dahil maaari itong mag-iwan ng mga pasa. Ngunit hindi kailangang mag-iwan ng mga pasa ang pang-aabuso upang maging masakit. Maaari itong makasira ng tiwala sa sarili, magkaroon ng negatibong epekto sa kalusugan at kapakanan ng babae, at iwan siyang nag-iisa at malungkot. Ang pang-aabuso ay isang halimbawa ng pagkokontrol. Layunin nitong makakuha at makapagpanatili ng kapangyarihan sa matalik na karelasyon.

Humaharap sa maraming uri ng karahasan mula sa matalik na karelasyon ang mga babaeng imigrante at refugee tulad din ng ibang mga babae, ngunit may mga karagdagan silang kahinaan dahil maaaring hindi sila marunong ng Ingles at Pranses, hindi alam kung saan pupunta para humingi ng tulong, at maaaring walang mga kaibigan at kapamilyang susuporta. Maaaring tinatakot din silang ipapadeport.

Kung minsan akala natin ay maayos ang relasyon dahil hindi natin alam kung ano ang ating hahanapin. Kung minsan ang pang-aabuso ay ginagawang normal ng kultura at lipunan kung kaya't hindi nalalaman ng isang babae na siya ay nasa mapang-abusong sitwasyon. Halimbawa, sa maraming kultura ay obligasyon ng babae na makipagtalik kung kailan gusto ng kanyang asawa kahit gusto man niya o hindi.

Narito ang mga pahiwatig na maaaring makatulong sa iyo na malaman kung ang iyong kapitbahay, kaibigan o miyembro ng pamilya ay nasa anumang mapang-abusong sitwasyon kapag naobserbahan mo ang mga ganitong pag-uugali.



Ang pagbalewala ay nangyayari kapag ang isang tao ay may obligasyong magbigay ng pangangalaga o tulong para sa isang indibidwal ngunit hindi niya ito ginagawa. Maaaring ito ay paglilimita, pag-aantala o hindi pagbibigay ng suportang pangkalusugan at pangangalagang medikal tulad ng walker o inhaler na pang-asthma, pagkontrol ng access sa pagkain at mga supply sa kalinisang pangkababaihan, at suporta bago manganak kung siya ay buntis.



Ang pang-aabuso sa pananalita ay nangyayari kapag ang isang tao ay gumagamit ng wika, maging pasalita o pasulat man, upang magdulot ng pinsala sa isang indibidwal. Kabilang dito ang pagsigaw, pagmumura, pagtawag sa kanya ng kung anu-anong pangalan, pagsabat kapag nagsasalita siya, hindi pagpayag na matuto siya ng Ingles at Pranses, pananakot na ipapadeport siya, pag-insulto sa pamilya niya o pananakot na magdulot ng pinsala sa kanila sa pamamagitan ng pagrereport sa kanila sa mga pulis para sa terorismo. Kung minsan hindi na kailangang gumamit ng mga salita. Marami sa mga naaabusong babae ang nakakakilala sa "look", na isang ekspresyon sa mukha ng abuser na nagsasabing isang mapang-abusong reaksyon ang magaganap.



Nangyayari ang pang-aabuso sa isip at sa emosyon kapag may sinasabi o ginagawa ang isang tao na nagbibigay ng pakiramdam sa iba na siya ay may sala o walang silbi o parang nawawala sila sa katinuan. Halimbawa, ipinapahiya ang babae sa publiko, pinagsasalitaan siya na parang bata, hindi nirerespeto ang opinyon niya, binabantaan, nagiging seloso at mapanibugho, pinararatangan siya na nangangaliwa kahit na nakikipag-usap lang siya sa ibang lalaki.



Ang pang-aabusong pinansyal ay nangyayari kapag ang isang tao ay nagkokontrol sa mga pinagkukunang pampinansyal ng isa pang tao nang walang pahintulot mula dito o ginagamit sa maling paraan ang mga pinagkukunang ito. Kabilang dito ang hindi pagbibigay sa kanya ng perang panggastos, pinapatuos ang bawat sentimong ginagastos niya, hindi pinapayagang magtrabaho o makapag-aral upang hindi siya makapagsarili.



Nangyayari ang pang-aabusong espiritwal kapag ginagamit ng isang tao ang espiritwal na paniniwala upang manipulahin, dominahin o kontrolin ang isa pang tao tulad ng paggawang katatawanan sa kanyang mga paniniwala o pagbabawal sa kanya na lumahok sa mga espiritwal na kaugalian.



Ang pang-aabusong digital ay ang paggamit ng teknolohiya upang i-bully, gipitin, manmanan o intimidahin ang karelasyon. Halimbawa, nanghihingi ng access sa mga mensahe o email ng babae, pagset-up ng spyware sa kanyang telepono. Para sa mga babaeng imigrante, maaari ding hadlangan ng lalaki ang kanyang pakikipag-usap sa mga pamilya at kaibigan sa kanilang bansang pinagmulan, sa gayon ay nag-iisa siya.



Ang pang-aabusong pisikal ay nangyayari kapag ang isang tao ay gumagamit ng bahagi ng kanilang katawan o ng isang bagay upang kontrolin ang mga galaw ng isang tao. Maaaring magmula ito sa pag-intimida tulad ng paghadlang sa pintuan at paninira ng mga gamit, pagsuntok sa mga pader o pinto, pagmamaneho nang walang ingat papunta sa matinding pananakit tulad ng paninipa, panununtok, pangangagat, pananampal, pananakal, panununog, pananabunot, pagbigti, pananaksak upang patayin ang babae.



Ang pang-aabusong sekswal ay nangyayari kapag ang isang tao ay pinipilit na makipagtalik nang hindi bukal sa loob niya. Maaaring magmula ito sa mga hindi ginugustong panghihipo sa maselang bahagi ng katawan, panggigipit na makipagtalik, pamimilit sa babae na makipagtalik nang walang proteksyon, pamimilit sa babae na magbuntis o magpalaglag. Ang teminong "marital rape" o panggagahasa sa asawa ay ginagamit kapag ang isang babae ay pinipilit na makipagtalik ng kanyang asawa. Sa maraming mga komunidad ng mga imigrante at refugee, pinapaniwala ang mga babae na dahil sa kultura at relihiyon, sila ay inaasahang sumunod sa hiling ng kanilang mga asawa.

Hindi parating madaling tukuyin ang uri ng pang-aabuso dahil ang ilan sa kanila ay magkakasakop. Halimbawa, ang pang-iinsulto sa isang tao ay maaaring pang-aabuso sa pananalita dahil ang abuser ay gumagamit ng masasakit na salita, ngunit ito rin ay isang pang-aabuso sa emosyon dahil maaaring madama ng biktima na siya ay walang silbi. Sa isa pang halimbawa, ang pagbabanta sa kanya gamit ang isang sandata hanggang sa pirmahan niya ang mga papeles sa pangungutang ay kombinasyon ng pang-aabusong pisikal at pinansyal.

Ang lahat ng mga babaeng biktima ng pang-aabuso ay nasa mataas na panganib na mapatay. Palaging ipinapakita ng mga datos ng pulis na ang mga babaeng biktima ng omisidyo sa Canada ay malamang na pinatay ng asawa, nobyo, o matalik na karelasyon.



Sa 73% ng mga kaso, kinabibilangan ang mga ito ng mga High Risk Factors o Mga Salik ng Matataas na Panganib, na nagpapataas sa panganib ng kamatayan. Ang limang pinakamataas na salik ng mataas na panganib sa isang karahasan mula sa matalik na karelasyon ang mga sumusunod:

1. May rekord na sa pulis ang abuser tungkol sa pananakit sa babae.
2. Gumamit o nagbantang gumamit ang abuser ng baril, kutsilyo, o iba pang sandata laban sa babae sa ibang tao.
3. Nagtangka nang ibigti o sakalin ng abuser ang babae.
4. Seloso sa marahas na paraan o parating nagseselos ang abuser.
5. Nagbanta nang aalis o nagpaplano nang umalis ang babae.

Kapag nakakita ka ng pang-aabuso, huwag mo itong balewalain. Gawan mo ito ng aksyon. Maaari nitong iiwas ang babae sa matinding pananakit o pagkamatay.

Makipag-usap sa babae tungkol sa nakita mo at tiyakin sa kanya na nagmamalasakit ka. Sabihan siya na hindi niya ito kasalanan.

Hikayatin siya na huwag kumprontahin ang karelasyon niya kung plano niyang umalis. Kailangang mapangalagaan ang kanyang kaligtasan.

Huwag magalit o mainis kapag hindi niya inamin ang tungkol sa pang-aabuso o magdesisyon na manatili sa relasyon. Mahalagang maunawaan na maaaring takot siya o hindi handang

gumawa ng mga kasunod na hakbang.

Tandaan na maaari mo o niyang tawagan ang Assaulted Women's Helpline na toll-free sa: 1-866-863-0511. Maaaring tumawag anumang oras, anumang araw, at ang impormasyon ay ibinibigay sa higit sa 150 na wika.

Panatilihing ligtas ang iyong sarili. Huwag makisali sa gitna ng away. Sa halip, tumawag ng pulis.

Ang lahat ay may papel na dapat gampanan upang matigil ang pang-aabuso sa mga babae.

Para sa mas marami pang impormasyon at mga resource tungkol sa pagtulong sa mga babaeng imigrante o refugee na namumuhay sa mapang-abusong sitwasyon, bisitahin ang www.immigrantandrefugeenff.ca

COSTI Immigrant Services would like to thank Abrigo Centre, Afghan Women's Organization, Community Family Services of Ontario, COSTI Family and Mental Health Services, For You Telecare Services, Kababayan Multicultural Centre, Settlement Assistance & Family Support Services, and TESOC Multicultural Settlement Services.

**This project is funded by
the Government of Ontario.**

Ontario 

**COSTI**